

UNIVERSITY OF CALIFORNIA, SAN FRANCISCO
KATIPUNAN NG MGA KARAPATAN
NG MGA KALAHOK SA PAG-EEKSPERIMENTO

Ang mga karapatan sa ibaba ay ang mga karapatan ng bawat tao na hinihinging lumahok sa isang pananaliksik na pag-aaral. Bilang kalahok sa pag-eeksperimento, karapatan ko ang mga sumusunod:

- 1) Malaman kung ano ang sinusubukang alamin ng pag-aaral,
- 2) Malaman kung ano ang mangyayari sa akin at kung ang alinman sa mga pamamaraan, gamot, o aparato ay naiiba sa ginagamit sa karaniwang gawain,
- 3) Malaman ang tungkol sa madalas at/o mahalagang mga panganib, mga side effect, o hindi komportableng pakiramdam na mangyayari sa akin para sa mga layunin ng pananaliksik,
- 4) Malaman kung mayroon akong maaasahang anumang benepisyo mula sa pakikilahok, at, kung mayroon, ano ang benepisyong ito,
- 5) Malaman ang tungkol sa mga iba pang pagpipilian ko at kung paano mas makabubuti o mas makasasama ang mga ito kaysa sa paglahok sa pag-aaral,
- 6) Mapahintulatang magtanong kaugnay ng pag-aaral bago sumang-ayon na lumahok at habang isinasagawa ang pag-aaral,
- 7) Malaman kung anong klase ng medikal na paggamot ang magagamit kung magkaroon ng anumang mga komplikasyon,
- 8) Tumangging lumahok sa lahat o magbago ang aking isip tungkol sa paglahok matapos magsimula ang pag-aaral. Ang desisyong ito ay hindi makakaapekto sa aking karapatang makatanggap ng pangangalaga na matatanggap ko naman sana kahit na wala ako sa pag-aaral,
- 9) Makatanggap ng may lagda at may petsa na kopya ng porma ng pahintulot,
- 10) Maging malaya mula sa anumang pamimilit kapag isinasaalang-alang kung sasang-ayon akong lumahok sa pag-aaral.

Sasabihin sa akin ng aking doktor sa pag-aaral kung ang pananaliksik na pag-aaral ay pinangangasiwaan ng Food and Drug Administration (FDA). Nauunawaan ko na kung ang pag-aaral na ito ay pinangangasiwaan ng FDA, sa ilalim ng Federal Food, Drug, and Cosmetic Act (FD&C Act), maaaring inspeksyunin at kopyahin ng FDA ang lahat ng talaang nauugnay sa aking paglahok sa pag-aaral.

Kung mayroon kayong iba pang mga tanong dapat ninyong itanong sa imbestigador o sa katulong sa pananaliksik. Bukod pa rito, maaari ninyong tawagan ang Institusyonal na Lupon na Tagasubaybay ng Pag-aaral (Institutional Review Board, IRB), na siyang kinauukulan pagdating sa proteksiyon ng mga kalahok sa mga proyektong pananaliksik. Maaari ninyong makontak ang opisina ng IRB sa pamamagitan ng pagtawag sa: (415) 476-1814 mula 8:00 AM hanggang 5:00 PM, Lunes hanggang Biyernes, o sa pamamagitan ng pagsulat sa UCSF Human Research Protection Program, Box 1288, 490 Illinois Street, Floor 6, San Francisco, CA 94143, o sa pamamagitan ng email sa irb@ucsf.edu.

Tumawag sa (415) 476-1814 o mag-email sa irb@ucsf.edu para sa impormasyon sa mga pagsasalin.

Lagda ng Kalahok para sa Pahintulot _____

Pangalan ng Kalahok _____

Petsa _____